1

# Gawaing Pampagkatuto sa *Good Manners and Right Conduct* (GMRC)

Kuwarter 3

Linggo 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa GMRC 1**
**Kuwarter 3: Linggo 3**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sonny M. Angara
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo sa Materyal**

**Manunulat:** Joyce F. Orillosa
**Tagasuri:** Melynda T. Andres, Joselita B. Gulapa, Juliet P. Quezon
**Tagaguhit:** Eric de Guia
**Tagalapat:** Shirley O. Gliponeo

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)**
Office Address: Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 8634-1054; 8634-1072; 8631-4985
Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph

## MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO 1

### UNANG ARAW

### Gawain 1

**Panuto:**
Tingnan ang larawan ng batang nagugutom. Sabihin kung ano ang pangangailangan ng bata sa larawan at kung ano ang iyong gagawin para matugunan ang kaniyang pangangailangan.




### Gawain 2: Tukuyin Mo!

**Panuto:**
Makinig nang mabuti sa sasabihin ng guro. Makikita ang mga larawan ng mga sitwasyon na nagpapakita ng pangangailangan ng kapuwa. Tukuyin kung alin sa mga nakalagay sa loob ng kahon ang mga paraan o pagtugon sa pangangailangan na naipakita sa bawat bilang. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

1.



2.




3.



4.



5.



a. pagbibigay ng pagkain

b. pagbibigay ng damit

c. pagpapahiram o pagbibigay ng ekstrang lapis

d. pagkausap sa kaibigan

e. pagsali sa kaibigan sa inyong paglalaro

**Gawain 3.**

**Panuto:**
Sabihin kung ano ang pangangailangan ng mga bata sa bawat larawan. Sabihin din kung anong paraan ang iyong gagawin para matugunan ang kanilang pangangailangan.

**1.**



2.




3.



4.



5.



**IKALAWANG ARAW**

**Gawain 1:**

**Panuto:**
Sa isang malinis na papel o *bond paper* ay gumawa ng *Needs Chart*. Isulat sa Hanay A ang mga pangangailangan ng iba't ibang tao sa komunidad. Sa Hanay B naman ay isulat ang mga paraan kung paano sila o ang komunidad ay makatutulong sa pagtugon sa pangangailangang ito.

| ***NEEDS CHART*** | |
|---|---|
| **A**<br><br>Mga pangangailangan ng iba’t ibang tao sa komunidad | **B**<br><br>Mga paraan kung paano sila o ang komunidad ay makatutulong sa pagtugon sa pangangailangang ito |
| Halimbawa:<br>Pagkain para sa mahihirap | Magbahagi ng naipong pera upang maidagdag sa bibilhing pagkain para sa mahihirap |
| | |
| | |

**Gawain 2**

**Panuto:**
Isulat sa bawat bilang sa iyong kuwaderno ang tsek (✓) kung tama ang pahayag at ekis (×) kung mali.

1. Bahagi ng aking mabuting gawain bilang bata ang pagtulong sa nakatatanda.

2. Bahagi ng aking mabuting gawain bilang bata ang pag-aalaga sa nakababatang kapatid.

3. Bahagi ng aking mabuting gawain bilang bata ang paglilinis ng silid-aralan.

4. Bahagi ng aking mabuting gawain bilang bata ang pagtulong sa pagbura ng nakasulat sa pisara.

5. Bahagi ng aking mabuting gawain bilang bata ang panatilihing malinis ang palaruan.

**Gawain 3**

**Panuto:**
Makinig nang mabuti sa sasabihin ng guro. Gumupit ng isang larawan ng gawaing nagpapakita ng pagtugon sa pangangailangan ng kapuwa bilang bahagi ng mabuting gawain bilang bata. Ilagay ang larawan sa *bond paper.* Magpatulong sa magulang o tagapangalaga para sa gawaing ito.

## IKATLONG ARAW

### Gawain 1:

**Panuto:**
Iguhit ang mga bagay na nabanggit sa kuwento upang masagot ang tanong sa bawat bilang. Gumamit ng lapis lamang.

1. Ano ang kinuha ni Mara noong araw ng Lunes para matulungan ang tagapaglinis ng paaralan?

2. Ano ang ibinahagi ni Mara sa kaniyang kaklase nang araw ng Martes?

3. Ano ang iniligpit ni Mara noong Biyernes?

4. Saan pumupunta si Mara tuwing araw ng Linggo?

**Gawain 2:**

**Panuto:**
Isulat sa kuwaderno ang letra ng tamang sagot sa bawat bilang.

1. Nakita mong nahulog ang pitaka ng bata na nasa harapan mo. Ano ang gagawin mo?
   a. Pupulutin ko ang pitaka at ibabalik sa kaniya.
   b. Itatago ko ang pitaka.

2. Tumatahol nang malakas ang mga aso sa kapitbahay ninyo. Nakita mong takot na takot ang mga batang dumaraan. Ano ang gagawin mo?
   a. Sisigawan ko ang mga bata at sasabihing dumaan sila sa ibang kalsada.
   b. Lalabas ka at sasabihin sa may-ari ng mga aso na baka puwede nilang patahimikin ang kanilang mga aso.

3. Umiiyak ang isang bata sa palaruan. Ano ang gagawin mo?
   a. Lalapitan ko siya at kakausapin.
   b. Tatakbo akong pauwi at hindi siya papansinin.

**IKAAPT NA ARAW**

**Gawain 1**

**Panuto:**
Kumuha ng kapareha. Basahin natin ang *Good Deeds Chart*. Pumili ng mga gawain na maipakikita sa kapuwa. Ibahagi ito sa kapareha.

***GOOD DEEDS CHART***

| | **GAWAIN** |
|---|---|
| | 1. Ako ay tutulong sa paglilinis ng silid-aralan. |
| | 2. Ako ay magbabahagi ng pagkain sa nangangailangan. |
| | 3. Aakayin ko ang aking lolo at lola o ang ibang matatanda. |
| | 4. Aalagaan ko ang aking nakababatang kapatid. |
| | 5. Tutulong ako sa gawaing bahay tulad ng pagliligpit ng aking pinaghigaan. |

**Gawain 2:**

**Panuto:**
Kopyahin sa iyong papel ang isang simpleng pangako na ikaw ay tutulong sa kapuwa sa kanilang pangangailangan ayon sa iyong kakayahan.

Ako ay nangangako na aking ipakikita ang aking pagiging mapagbigay sa pamamagitan ng _______________________________________.

_________________________
Pangalan ng mag-aaral

## Gawain 3

**Panuto:**
Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na babasahin ng guro. Iguhit sa iyong kuwaderno ang masayang mukha (☺) kung naipakikita mo ang aking babasahin at malungkot na mukha (☹) kung hindi.

1. Kusa akong nagbabahagi sa aking kaklase ng aking mga gamit pampaaralan.

2. Kusa akong tumutulong sa aking kapatid sa paglilinis ng aming tahanan.

3. Kusa akong nagbibigay ng oras na makipaglaro sa aking nakababatang kapatid.

4. Kusa akong tumutulong sa aming komunidad sa paglilinis ng aming parke.

5. Kusa akong nagbibigay ng lumang damit sa mga nangangailangan.